## Ano Ang Mga Prepaid Phone Card?

Ang mga prepaid phone card (panteleponong card na may karga nang balanse) ay karaniwang ginagamit para tumawag nang long distance o para tumawag sa ibang bansa. Iba-iba ang kanilang mga presyo, iba-iba ang haba ng oras ng pakikipag-usap na binibigay nila, kahit na ang kanilang pag-singil ay iba-iba. May kung ilan na dinisenyo para sa pagtawag sa mga partikular na lugar. Ang mga prepaid card ay maaaring makatulong para makaipon kayo ng pera; pero kinakailangang matalino ang inyong pamimili para makasigurong mapapakinabangan ang kard na inyong bibilhin.

California Public Utilities Commission

**Telecommunications Education and Assistance in Multiple-Languages (TEAM) Program**

www.cpuc.ca.gov/team-and-changes

cabteamandchanges@cpuc.ca.gov

If you are not able to resolve your dispute with your service provider, call the Consumer Affairs Branch (800) 649-7570

# Mga Prepaid na Phone Card

CALIFORNIA PUBLIC UTILITIES COMMISSION

## Paano Gumagana ang mga Prepaid na Phone Card?

May numero ng teleponong nakaimprenta sa card, o sa pakete nito, na tatawagan ninyo nang walang bayad. Kapag nakakonekta na kayo, ipasok ang Personal Identification Number (PIN) na nakaimprenta sa likod ng phone card, at ang numero ng telepono na gusto ninyong tawagan. Maaaring ibawas ang mga bayad pang-serbisyo at pang-iba pang bagay sa umpisa ng tawag. Habang kinakausap ninyo ang taong tinawagan ninyo, ibinabawas mula sa card ang mga minuto o ang mga bayad para sa paggamit.

# *Mga Prepaid na Phone Card*

Ano ang mga dapat kong hanapin?

Dapat nakikita sa card o sa pakete nito:

1. Ang pangalan ng kumpanya at isang numerong matatawagan nang walang bayad para sa customer service.
2. Ang petsang minarkahan bilang "use by" (hanggang kailan ito magagamit), para masigurong hindi kayo bumibili ng isang card na mapapaso bago ninyo ito magamit. Ang mga card na walang petsa ng pagkapaso ay maaaring gamitin nang hindi kukulangin sa isang taon mula sa pagbili ninyo nito, kung may natitirang balanse sa card. May mga card na hindi napapaso, at maaari kayong maglagay ng karagdagang oras ("recharge") sa mga ito. Maaaring gamitin ang card sa loob ng isang taon matapos itong marecharge.
3. Ang pagpapaliwanag ng inyong mga babayarin at ang mga tuntunin at mga kondisyon para sa paggamit ng card. May mga card na sumisingil ng isang takdang pinakamababang halaga para sa bawat tawag. May ibang mga card na maaari lamang gamitin para sa isang tawag. Kung ang naturang tawag ay tumagal lamang ng iilang minuto, hindi na ninyo

### Ano ang magagawa ko kung hindi gumana ang card tulad ng ipinangako nito?

Itago ninyo ang card. Maaaring nagtataglay ito ng impormasyon na kailanganin ng kumpanya o ng California Public Utilities Commission (Lupon ng Palingkurang-bayan ng California) para matulungang kayong makakuha ng refund (balik-bayad). Mga hakbang na maaari ninyong gawin:

1. **Tumawag:** Tawagan ang numero ng customer service na kasama sa card, ipaliwanag ang inyong problema, at humingi ng refund.
2. **Isauli:** Dalhin ang phone card kung saan ninyo ito binili at humingi ng refund.
3. **Magsampa ng Reklamo:** Kung mayroon pa rin kayong problema, magsampa ng reklamo* sa Consumer Affairs Branch (Sangay para sa mga Asunto ng Tagakonsumo) ng California Public Utilities Commission.
   -Tumawag: 800-649-7570.
   -Mga Reklamo na Online: https://ia.cpuc.ca.gov cimsapp/ (matatagpuan sa www.calphoneinfo.com).

* *Maglakip ng isang kopya ng card (harap at*



## Ano ang Mga Dapat Kong Isaalang-alang Kapag Bumibili Ako ng Card?

May mga card na nag-aawas ng maraming mga kabayaran, at dala nito ang nalalabi ninyong oras para sa pagtawag ay mas kakaunti kaysa sa inaakala ninyong makukuha ninyo, kung kayat kinakailangang mag-ingat kayo sa pagpili ng card. Para matulungan kayong magdesisyon, magtanong kayo sa inyong mga kaibigan at pamilya kung anong mga card ang mas gusto

Mga mahahalagang bagay na dapat tandaan bago bumili:

1. Huwag bibili ng card na walang pakete.
2. Siguraduhing hindi nakikita ang PIN bago ninyo bilhin ang card. Kung nakikita ang PIN, maaaring gamitin ang card ng kahit sino sa pamamagitan ng pagkopya ng PIN at ng 800 na numero.
3. Maliban nalang kung may kakilala kayong maggagarantiya para sa card, gumastos lamang ng maliit na halaga sa card at tingnan ninyo kung magugustuhan ninyo ang serbisyo.